Welcome Remarks

Ayos na Gamot sa Abot-kayang Presyo -- Ang Tunay na Sigaw ng Sambayanan!

Wigberto E. Tañada
Lead Convenor
Fair Trade Alliance

Isang maalab na pagbati sa lahat ng naririto ngayon – sa mga kinatawan ng maralitang tagalunsod, informal sektor, magsasaka, trade unions, mga kawani ng pamahalaan, mga academics, consumer at religious groups, at iba pang sektor. Bumabati din kami sa Senador ng Bayan, kay Senador Mar Roxas, at sa mga Kongresista ng Bayan na naririto ngayon. At sa huli, bumabati kami sa magigiting na kasama natin sa gobyerno na galing sa Department of Health, PITC, BFAD, PGH at sa mga kumikilos sa health sektor na tulad ng mga doktor, narses, hospital workers at mga barangay health workers. Sa pagkaalam ko, kasama din natin dito ang Alliance of Filipino Workers, ang pederasyon ng 17 hospital unions, at ang malawak na samahan ng mga barangay health workers sa Metro Manila. Kilalanin po natin sila.

Isang makasaysayang pangyayari ang isinasagawa natin -- ang magsama-sama sa isang kilusan para ayusin ang isang malaking anomalya sa ating lipunan. Maraming namamatay at maraming nagkakasakit hindi dahil sa walang gamot sa mga botika kundi dahil hindi kaya, hindi kayang abutin ng marami ang presyo ng gamot. Makita lamang ang presyo, di na binibili. Makita lamang ang presyo, nahihilo na at di na susundin ang prescription. Makita lamang ang presyo, ipipikit na lamang ang mga

mata at dadaanin ang lahat sa dasal.

Hindi dapat maging ganito ang kapalaran ng bayan.

Alam natin na pwede namang ibaba ang presyo ng mga gamot -- kung umaandar lamang nang husto ang generics law, kung walang monopolyo sa patents ang iilang malalaking drug companies, kung ang kaalaman sa gamot ay di nagiging pag-aari ng iilan habang buhay, kung iginigiit ng pamahalaan ang karapatan niyang umangkat ng murang gamot kung kailangan ng pampublikong kalusugan. Alam nating lahat na ang presyo ng gamot sa ating bansa ay pwedeng bumaba nang malaki at malawakan. Ayon sa pagsasaliksik, ang Pilipinas ang may pinakamahal na presyo ng gamot sa Asya, sunod lamang sa bansang Hapon. Halos 20 na ulit na higit na mas mataas sa mga bansang India at Canada. Higit na mas mahal din ang ating mga gamot kumpara sa ating mga kalapit-bansa sa Asya tulad ng Malaysia at Indonesia.

At lalo pang tumitindi ang krisis sa kalusugan at mataas na gamot sa bansa dahil sa mga lisya at neoliberal na mga polisiya ng gobyerno, tulad ng pribatization at pagbabawas ng suporta sa mga publikong ospital tulad ng PGH. Katiting din ang pondo na inilalaan para sa serbisyong pangkalusugan, na umaabot lamang sa 3.3% ng ating GDP.

Kaya po, pangarap namin sa Fair Trade Alliance na bumaba ang presyo ng gamot para maabot ng masa. Pangarap namin na bumaba ang presyo sa pamamagitan ng mga repormang ipinapanukala ng mga kasama at kaalyansa natin.

Suportado namin ang mga panukalang reporma sa batas sa Intellectual Property Rights tungkol sa patents. Nahihirapan ang ating pamahalaan na mag-angkat ng mas mura at epektibong gamot mula sa mga bansang tulad ng India at Pakistan. Napipigilan din ang ating mga local drug manufacturers dahil sa samut-saring kaso na ibinabato sa kanila bago pa man makakuha ng compulsory licensing at lalong hirap na hirap ang maliliit na drug companies na makapagsaliksik sa mga gamot na malapit nang mag-expire ang patent upang mabigyan ng pagkakataon ang mga tao na makabili ng mga generic equivalents at magkaroon ng patas na kompetisyon sa merkado ng gamot.

Kaya suportado namin, natin, ang ating magiting na Senador Mar Roxas sa kaniyang panukalang alisin ang mga hadlang na ito sa ating karapatan at kalayaang makabili ng epektibong gamot sa abot-kayang halaga.

Hindi fair, hindi just, o sa Tagalog, HINDI MAKATARUNGAN na pilit na ibinebenta ng mga multinasyonal ang gamot sa monopolyong presyo, na di naman maabot-abot ng masang nagkakasakit. Bakit kailangan ang gamot sa altapresyon na *Norvasc* ay umabot ng 800 porsiyento ang taas kumpara sa presyo nito sa India? Ganyan din ang nangyayari sa *Amoxil* at iba pang gamot. At nakalulungkot, hindi man lamang gumagalaw ang mga multinasyonal na pababain ang kaso ng mga namamatay na bata o ang tinatawag na infant morbidity rate na napakataas sa Pilipinas, halos 35 porsiyento, sa pamamagitan ng pagpapababa ng kanilang mga presyo. Hindi nila iniinda na ang nangangailangan ng murang gamot para sa diarrhea at influenza ay ang mga mahihirap na Pilipino. Kakarampot na nga lang ang ating kinikita, nababawasan pa ito ng pambili ng mga mahal na gamot. Kinakatwiran ng mga multinational companies ang ukol sa research and development expenses nila, pero nakakapagtaka bakit sa atin lang mataas at sa ibang malalaking bansa na kumukunsumo ng higit na

mas maraming gamot ay higit na mas mababa ang mga presyo?

Ang sagot ay monopolyo at kasakiman sa tubo.

Dahil sa may monopolyo sila sa patent, sa paggawa ng gamot, nagagawa ng mga multinational na walang pakundangang magpataw ng pinakamataas na presyo sa mga binebentang gamot. Dahil sa mopolyo, kontrolado ng mga multinasyonal ang sitenta (70) porsiyento ng P80-100 bilyon merkado ng gamot sa Pilipinas.

Kamakailan lamang ay kinasuhan ng isang malaking mutinasyonal ang gobyerno dahil sa pag-aangkat nito ng gamot sa altapresyon upang pag-aaralan lamang, at hindi ibebenta hangga't hindi nag-eexpire ang kanilang patent, na naayon naman sa ating Intellectual Property Code. Isang halimbawa: ang patent ng gamot na *Norvasc* ay mag-eexpire na sa June 2007. Ang proseso ng pag-aaral, ayon sa BFAD ay tatakbo ng 18 na buwan kaya ngayon pa lamang ay nag-aangkat na ang PITC ng gamot na ito upang pag-aralan. Ngunit, kahit ito ay binabara pa ng mga multinational, sa pamamagitan ng mga kasong walang batayan.

Sa kabilang banda, ang Kasunduan sa WTO hinggil sa Intellectual Property Rights at Public Health ay nagbibigay sa bawat bansa ng mga karapatan para pangalagaan ng bawat gobyerno ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagkakaroon niya ng kalayaang gumawa o kumuha ng mas mababang presyo ng gamot. Ngunit, nagbubulag-bulagan yata ang mga multinasyonal sa kasunduang ito.

Thus, I say, we will not die quietly into the night, we will not be threatened by their lawsuits and blinded by their arguments without a fight. Dahil ang katotohanan ay nasa

harap na nating lahat, hindi na tayo magpapalinlang at magpapaisa pa sa kanila. Lalaban tayo, sama-sama.

Kaya ako ay sumasaludo sa inyong lahat at sa mga taong patuloy na nakikipaglaban para sa karapatan ng bawat Pilipino na maabot ng ating mga kamay ang mga gamot na kailangan ng masa.

Ang Fair Trade Alliance ay lubos na naniniwala sa patas na kompetisyon. Monopoly rights and monopoly profits enjoyed by the multinationals must be ended. The Generics Law should be implemented -- now! Public health comes first! The Filipino masses should have fair access to medicines at fair and affordable prices. Every Filipino has a right to life!

Mga kasama at kaibigan, mabigat po ang laban nating ito. Sana ay maging matatag tayong lahat. Sana ay lalong tumingkad ang pagkakaisa natin para sa repormang pangkalusugan. Sana ay makita rin natin na ang lahat ng ito ay nag-uugat sa katotohanan na may ekonomiya tayong dapat ituwid at isaayos, para ang laban sa negosyo at trabaho ay fair para sa lahat.

Mabuhay tayong lahat!